**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue II
November 2024
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
*************************************************************************************************************

# E-MODYUL SA KOMPREHENSIBONG PAGBASA PARA SA PILING MAG-AARAL NG BAITANG 10 SA PAMBANSANG MATAAS NA PAARALAN NG CARMONA

**SANDRA MAE R. GAELA**
**Teacher III**
Carmona National High School
sandrarestrivera@gmail.com

## ABSTRACT

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay mataya ang e-modyul sa komprehensibong pagbasa sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 10 at magamit ito sa aktwal na pagkakataon sa pagpapalakas ng kasanayang bumasa ng mga mag-aaral at pagpapadali sa nakaatas na responsibilidad ng mga guro sa Filipino. Ang e-modyul ay ginamit ng mga mag-aaral sa Baitang 10 sa unang markahan.

Ginamit sa pananaliksik na ito ang pamamaraang "Developmental Research" gamit ang modelong ADDIE. Ito ay nag-analisa, nagbuo at nailarawan ang balidasyon sa kabisaan at pagtanggap ng mga guro sa Filipino hinggil sa nabuong e-modyul. Ang mananaliksik ay nagbigay din pauna at panapos na pagsusulit sa mga mag-aaral sa Baitang 10.

Batay sa kinalabasan ng mga nakalap na datos na nilapatan ng angkop na istatistika, ang pagpapatibay sa balidasyon sa kabisaan ng nabuong e-modyul ay Napakabisa (NB) batay sa layunin, paksa, panuto at pagsasanay, konsepto at nilalaman, at maging sa repleksyon. Sa kinalabasan sa pagpapatibay sa balidasyon ng pagtanggap nito ay Lubos na Pagtanggap (LP) batay sa kalinawan, kahalagahan, paggamit ng wika at estilo, paglalahad at kaangkupan.

Kinakitaan naman ng makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga marka sa panimula at panapos na pagsusulit. Ang probability value na .000 ay lubhang mas mababa kaysa

*************************************************************************************************************

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

*************************************************************************************************************

signipikong lebel na .05 kung kaya't ang hinuha (hypothesis) ay di katanggap-tanggap. At dahil mayroong pagkakaiba, masasabing ang e-modyul ay epektibo.

Iminumungkahi ng mananaliksik sa mga guro sa Filipino ang patuloy na paglikha ng makabagong kagamitang magagamit sa lalong pagkaunawa ng mga mag-aaral at sa ikaangat pa lalo ng kalidad ng edukasyon sa bansa. Gayundin ang pagsasagawa ng mga karagdagang programa para sa mga guro upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagbuo ng iba pang kagamitang pang mag-aaral.

**Keywords:** *e-modyul, Filipino 10, kasanayang bumasa, komprehensibong pagbasa, unang markahan*

## INTRODUCTION

Isang malalim, masusi, at kritikal na pag-aanalisa ang makapagsasabi sa kalagayang bumasa ng isang indibidwal sa makabagong henerasyon ngayon. Sa pahayag ng Kalihim ng Kagawaran ng Edukasyon na si Kalihim Leoner Magtulis-Briones (2019) sa paglunsad ng Sulong EduKalidad, bagama't maganda ang pag-unlad ng edukasyon sa Pilipinas, isa sa kailangang pinakatutukan na pagsubok na namamayani sa bansa ay ang kalidad nito, partikular ang natututuhan ng mga mag-aaral. Sa inilabas na resulta ng Programme for International Student Assessment (PISA, 2018), isang pag-aanalisa sa kakayahan sa mga asignaturang pagbasa, sipnayan at agham ng mga mag-aaral na may edad labinlimang taon, na unang beses nilahukan ng Pilipinas noong 2018, lumabas na ang mga labinlimang taon na mga mag-aaral sa Pilipinas ay pinakamababa ang marka sa mga nabanggit na asignatura kumpara sa pitumpu't siyam (79) na bansang lumahok sa sarbey na isinagawa. Hanggang sa kasalukuyan, ang pagkakaroon ng komprehensyon sa pagbasa ay isa sa suliraning kailangang tutukan sa lahat ng paaralan.

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Ang mananaliksik ay nakita ang pangangailangan na tutukan ang pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa Baitang 10, ang baitang kung saan ang mga mag-aaral ay nasa edad labinlimang taon pataas. Sa katatapos lamang na balidasyon nitong Pebrero 2019 sa pagbasa ng iba't ibang punongguro at ulong guro ng mabababa at matataas na paaralan sa lalawigan ng Cavite ay natuklasan na sa magiging Baitang 10 sa darating na taong panuruan ay 1,390 na mga mag-aaral sa Pambansang Mataas na Paaralan ng Carmona ay mayroong 184 o 13% ng kabuuang bilang ang nasa antas instruksyunal, kabiguan at walang kahandaan sa pagkilala ng salita at 623 o 44.82% pagdating sa pag-unawa ng binasa.

Sa inilabas na Regional Memorandum No. 306 S. 2020, na nakaangkla sa Regional Order No. 10 S. 2020, ang pagtuturo sa ilalim ng K to 12 Curriculum ay iaangkla sa tagubiling nakapaloob sa mga ito patungkol sa inisyatibo ng Region IV-A CALABARZON na PIVOT 4A na naglabas ng binagong Budget of Work (BOW) na susundin ng buong rehiyon para sa kasalukuyang taong panuruan. Ang PIVOT 4A QuBE ay ang isinulong na programa ng nasabing rehiyon bilang pagtugon sa Sulong Edukalidad ng kagawaran. Ang inilabas na Most Essential Learning Competencies (MELC) ay 40% ng kabuuang bahagdan na itinuturo sa ilalim ng K to 12 Curriculum. Ibig sabihin, mayroong 60% ang hindi napasama sa pagtutuunan ng pansin sa taon na ito. Ang inilabas na MELC ay resulta ng mga pag-aaral na isinagawa na makapagsasabing ang ilan sa natanggal ay paulit-ulit lamang naman ang nilalaman. Ito'y pinili at isinaayos ng kagawaran sa pamamagitan ng Bureau of Curriculum Development at sa pakikipagtulungan sa Assessment Curriculum and Technology Research Centre (ACTRC).

Ang pag-aaral na ito ay kasasangkapin ang mga teorya ni Jean Piaget na "Four Stages of Cognitive Development", at nina John Seely Brown, Allan Collins at Paul Duguid na "Situated Cognition Theory".

Ayon sa teoryang Kognitivismo (Cognitivism) ni Jean Piaget (1936), mayroong apat na yugto ng pag-unlad ng kaisipan ang isang bata. Ang mga mag-aaral sa Baitang 10 ay kadalasang binubuo ng mga kabataang nasa edad labing-apat pataas. Sila'y nabibilang na sa yugto ng formal operational. Sa yugtong ito, inaasahang lumalalim na ang pananaw nila sa mga bagay-bagay. Nagkakaroon na rin ng kamalayan ang mga kabataan tungkol sa iba't ibang

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

pananaw tulad ng moral, pilosopikal, etikal, sosyal, at pulitikal na nangangailangan ng malalimang pag-iisip. Nakasalalay ang mundong ginagalawan ng isang tao sa kakayahan niyang paunlarin ang kanyang kaisipan. Kaya mahalaga ang gagampaning papel ng paaralan sa paghubog ng ganitong kakayahan.

Sa isang pag-aaral naman na isinagawa nina John Seely Brown, Allan Collins at Paul Duguid (1989) tungkol sa teoryang Situated Cognition, higit na natututo ang isang indibidwal kung aktwal na nararanasan ang mga bagay na nais niyang matutuhan. Maliban pa rito, pinagtutuunan ng pansin ng teoryang ito ang tamang kagamitan sa pangangailangan ng indibidwal. Halimbawa, kung nais ng isang tao na matutuhan ang isang wikang iba sa kanyang unang natutunang wika, iba ang kaalamang matatamo kung aaralin niya ang wika mula sa silid-aklatan at kakabisahin ang nilalaman nito kaysa sa makikisalamuha siya sa isang taong ang katutubong wika ay ang nais niyang matutuhang wika. Gayundin sa pagbasa, higit na magagabayan ang pagbabasa ng isang tao kung siya'y may katabing bihasa sa kasanayang ito kaysa sa nagsisikap siyang paunlarin sa sariling pamamaraan ang gawaing ito na walang gagabay sa kanya. At mainam na kasangkapin ang isang kagamitang inilaan para sa kanya mismo.

Sa paniniwala naman ng sikolohista na si Vygotsky (1978) sa kanyang teorya na Sociocultural, malaki ang gampanin at responsibilidad ng mga magulang, tagapangalaga, kaibigan at lipunang ginagalawan sa pagtupad sa mas mataas na tungkulin. Ayon pa sa kanya, ang pagkatuto ay nakasalalay kung paano makisalamuha sa iba ang tao.

Ayon naman sa pag-aaral na isinagawa nina Lin at Wu (2016), patungkol sa espesyalista sa pagbabago ng kurikulum na si Sato (2012), isang malaking pagbabago ang naidudulot ng pagsasagawa ng isang programang hindi nakakahon sa apat na sulok ng silid-aralan. Masasabing hindi sapat ang pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa kung mananatiling sa oras lamang ng klase nagaganap ang pagpapaunlad sa kasanayang ito. Nangangailangan na makapagbigay ang guro ng paggabay sa mga mag-aaral para mapaunlad ang kalidad ng kaalamang kanilang natututunan sa pamamagitan ng karagdagang programa.


**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan | **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco | **Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Samantala, binigyang-diin ni Cox (2014) sa pag-aaral ni Zamora (2016), na sa kasalukuyang panahon, ang impormasyon, media at teknolohiya ang pangunahing pangangailangan ng kasalukuyang sistema ng edukasyon. Kung bibigyan ito ng pokus, mas magkakaroon ng paglalapat sa lipunang ginagalawan ng mga mag-aaral at mas nakagagamit ng mga awtentikong kagamitan.

Ang mga teoryang nabanggit ay mahalaga sa kasalukyang pag-aaral sapagkat ang bubuuing kagamitan sa pagpapaunlad ng kasanayang bumasa ay ibabatay sa kakayahan ng kabataan sa edad na ito. Kasasangkapin ng pag-aaral na ito ang modelong ADDIE na pinagsama-samang mga salita na analyze (analisa), design (pagdisenyo), development (paglinang), implement (implementasyon) at evaluation (ebalwasyon).

Sa pagnanais na mapaganda ang kalidad ng edukasyon sa pamamagitan ng pagpapalalim ng komprehensyon sa pagbasa at pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral, isang kainaman ang pagbuo ng e-modyul na tutugon sa layuning nabanggit ng mga mag-aaral sa Baitang 10 na pangunahing dahilan sa pagbuo nito.

**Instrumento ng Pananaliksik**

Gumamit ng talatanungan hinggil sa layunin, paksa, panuto at pagsasanay, konsepto at nilalaman at repleksyon gamit ang interpretasyon sa Likert Scale ang mananaliksik bilang batayan ng pag-aaral para makalikom ng kinakailangang datos o impormasyon.

| **Puntos** | **Interpretasyon** | |
|---|---|---|
| 4 | Napakabisa | (NB) |
| 3 | Mabisa | (M) |
| 2 | Di Gaanong Mabisa | (DGM) |
| 1 | Walang Bisa | (WB) |

Gumamit din ng Likert Scale sa paglalahad ng lebel ng pagtanggap sa kagamitang interbensyon batay sa kalinawan, kahalagahan, paggamit ng wika at estilo, paglalahad at kaangkupan.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue II
November 2024
Available online at https://www.instabrightgazette.com

| Puntos | Interpretasyon | |
|---|---|---|
| 4 | Lubos na Pagtanggap | (LP) |
| 3 | Pagtanggap | (P) |
| 2 | Di Gaano ang Pagtanggap | (DGP) |
| 1 | Di Pagtanggap | (DP) |

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng "Developmental Research" at ang ginawang batayan ay ang ADDIE model (Analysis, Design, Development, Implementation, and Evaluation). Gumamit din ang mananaliksik ng pre-test at post test upang mataya ang e-modyul. Naniniwala ang mananaliksik na ang datos na magmumula rito ay matataya ang nabuong kagamitan sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Ang mga naging tagasagot sa pag-aaral na ito ay binubuo ng mga guro, dalubguro at ulongguro sa Filipino ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Carmona. Ang mga ekspertong tagasagot na may kabuuang 36 ay binubuo ng 1 ulongguro, 1 dalubguro at 34 guro sa Filipino. Samantala upang mataya ang e-modyul, ang naging tagasagot ay ang mga mag-aaral sa baitang 10 ng nabanggit na paaralan. Binubuo ito ng dalawang seksyon na ang una ay may bilang na 55 at ang ikalawa ay may bilang na 54 na mag-aaral na may kabuuang bilang na 109.

Sa pagpapaunlad at balidasyon ng e-modyul sa komprehensibong pagbasa ng mga magaaral ng baitang 10 sa Filipino sa Pambansang Mataas na Paaralan ng Carmona, gumamit ang mananaliksik batay sa hinihingi ng pag-aaral ng istandardisadong talatanungan sa modelo ng ADDIE. Pagkatapos ipinasa ng mananaliksik ang pinaunlad na talatanungan sa mga dalubhasa sa larangan ng Edukasyon at ulongguro sa nabanggit na asignatura ng nabanggit na paaralan upang ihingi ng mungkahi para sa anumang pagbabago at pagwawasto muli ng mga katanungan. Ang wastong gamit ng mga salita, pangungusap at pagkakaakma ng mga tanong ay siniyasat na mabuti ng mga dalubhasa bago ipasagot ng mananaliksik.

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Ang mananaliksik ay personal na nagpadala ng mga sipi ng talatanungan sa anyong google form sa mga gurong tagasagot. Ang mga nakuhang datos dito ay nilikom makalipas ang panahong itinakda sa pagsagot at inihanay nang ayos bago ipinadala sa quantitative data analyst upang masuri. Ang modyul naman ay ipinadala sa tulong ng social media tulad ng messenger, viber, google mail at ng iba pang pamamaraan tulad ng pagpapadala via Bluetooth o Share-it.

Sa kabuuan ng pagsasagawa ng pag-aaral, tiniyak ng mananaliksik ang akmang konsiderasyong etikal. Ang mananaliksik ay personal na nagtungo sa tanggapan ng tagamasid pampurok ng Distrito ng Carmona upang personal na makipag-ugnayan at hingin ang pahintulot na makapagsagawa ng pag-aaral. Matapos nito, ang mananaliksik ay nakipag-ugnayan naman sa punongguro ng paaralan para sa pamamahagi ng mga talatanungan. Ang talatanungan ay personal na ipinamahagi ng mananaliksik sa mga tagasagot na boluntaryong nakilahok sa pamamagitan ng pagsagot sa google form ng talatanungan. Sinikap ng mananaliksik na tapat ang kanilang mga kasagutan batay sa kanilang sariling opinyon at pang-unawa. Sa kabilang dako, ang mga obra ng ibang may-akda na hinalaw sa ibang aklat ay tinukoy at binanggit sa binuong modyul.

Pagkatapos ng pagkakalap ng mga kinakailangang datos, nilikom ng mananaliksik ang talatanungan, sinuring mabuti at ang mga sumusunod na estadistika ang ginamit.

1. *Simple Mean* - Ito ang ginamit sa pananaliksik upang malaman ang kabuuang kinalabasan ng mga indikasyon na inilahad sa pananaliksik.

2. *Frequency at Percentage* - Ito ang pormularyong ginamit para makuha ang resulta ng antas ng performans ng mga mag-aaral sa pre-test at post test.

3. *T-test for Dependent Mean* - Ang pormularyong ito ay ginamit ng mananaliksik upang makita ang pagkakaiba ng performans ng mga mag-aaral sa pre-test at post test ng e-modyul sa komprehensibong pagbasa.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue II
November 2024
Available online at https://www.instabrightgazette.com

## RESULTS AND DISCUSSION

Ang e-modyul na binuo ay batay sa obserbasyon ng mananaliksik na pangangailangan ng new normal na edukasyon sa kasalukuyang sitwasyon sa pag-aaral. Nabuo at napatunayang mabisang paraan ang paglikha ng e-modyul para sa mga mag-aaral upang masolusyunan ang kanilang pangangailangan sa komprehensibong pagbasa sa mga aralin sa Filipino. Ang kagamitang nilikha ay isinagawa at ginamit sa kabuuan ng unang markahan ng mga mag-aaral. Mula rito ay napataas ang kawilihan sa pag-aaral ng mga mag-aaral at napanatili ang kanilang interes sa pagbabasa. Dulot ito ng pamamaraang ginamit sa pagbuo ng e-modyul na ginamitan ng aplikasyon na Kotobee na maaaring mabuksan gamit ang cellphone o laptop.

Binanggit ni Valeña (2020) na ang elektronikong kagamitan ay malaking tulong sa panahon ng new normal dahil hindi kakailanganin ang aktwal na pagkikita ng guro at mag-aaral upang maisagawa pagpapaunlad ng mga kasanayan. Aniya pa, talino, determinasyon, tamang disposisyon, at malikhaing pag-iisip ang kailangan ng guro sa pagbuo nito. Sa panig naman ng mag-aaral, ang paggamit ng makabagong teknolohiya ang "in" sa panahon ngayon para matuto.

Ang E-Modyul sa Komprehensibong Pagbasa na ito ay sadyang inihanda para sa mga mag-aaral sa Baitang 10 upang mahasa ang komprehensyon sa binasa. Gayundin upang matugunan ang pangangailangan na kagamitang panlunas ng mga guro sa pagbasa.

Nahahati sa limang kasanayan ang e-modyul na ito sa: (a) Pagtukoy sa mga detalye, (b) Pagtukoy sa pangunahing diwa, (c) Pagtukoy sa magiging bunga o kinalabasan ng mga pangyayari, (d) Pagtukoy sa sanhi at bunga, at (e) Pag-aayos ng wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kwento.

Kinapapalooban ang bawat kasanayan ng mga natatanging kwento, anekdota, sanaysay at tekstong impormatibo na punong-puno ng mga aral at kagandahang asal. Nagbibigay din ang e-modyul na ito ng mga kaalaman na may kaugnayan sa iba't ibang asignatura. Pagkatapos ng bawat kwento o teksto, may mga tanong na sasagutin upang lubos na malinang at mapaunlad ang mga kasanayan sa komprehensibong pagbasa. Inaasahan sa

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VI, Issue II**
**November 2024**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
****************************************************************************************************

paggamit ng e-modyul na ito sa komprehensibong pagbasa ay higit na magkakaroon ng kasanayan sa matalinong pagbabasa na may pang-unawa ang mga mag-aaral.

Sa pagtataya sa antas ng balidasyon sa kabisaan ng mga guro ng inihandang e-modyul sa komprehensibong pagbasa batay sa layunin lumabas na ang composite mean nito ay **3.92** na nangangahulugang **Napakabisa**. Ang mga layunin ay may kaugnayan sa mga paksa sa Filipino 10 na may pinakamataas na mean na **4.00** na nangangahulugang **Napakabisa**. Ang mga modyul ay mailalapat sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mag-aaral ang may pinakamababang mean na **3.83** na nangangahulugang **Napakabisa**.

Sa naging resulta ng balidasyon na isinagawa ng mga guro, pinatutunayan lamang na ang inihandang e-modyul ay kinapapalooban ng mga paksang umaakma sa layuning pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino 10; bukod sa tumutukoy ito sa mga isyu o pangyayaring nakapupukaw sa kamalayan ng mga mag-aaral na lalo pang pagkaunawa ng mga paksang tinalakay. Nasusukat din dito ang makabuluhang nilalaman ng mga layunin dahil sumasaklaw ito sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga mag-aaral.

Batay kay Raran (2015), para maging mas malinaw ang aralin at mapanatili ang kawilihan, atensyon at memorya sa mag-aaral nangangailangan na ang mga guro ay gumawa ng mga makabagong paraan sa pagtuturo. Ayon pa sa direktor ng UNESCO na si Yokozeki (2020), ang kasalukuyang sitwasyong kinakaharap ng lahat ngayon ay isang malaking oportunidad para sa mga guro para mahing higit na produktibo, malikhain at inobatibo. Na sinang-ayunan din naman ng Teoryang Situated Cognition nina Brown, et. al, na ang karanasan ng mag-aaral sa pagpapaunlad ng kanyang komprehensyon sa pagbasa ay mahalaga. Dahil sa ang inihandang e-modyul ay personal na ginamit ng mag-aaral, nabigyang layang malibot at magalugad niya ang nasabing kagamitan batay sa kanyang sariling oras at kagustuhan.

Sa pagtataya sa antas ng balidasyon sa kabisaan ng mga guro ng inihandang e-modyul sa komprehensibong pagbasa batay sa paksa lumabas na ang composite mean nito ay **3.86** na nangangahulugang **Napakabisa**. Binigyang halaga ang mahahalagang kasanayang pampagkatuto at malinaw na nasasaklaw ang inaasahang matatamong kasanayan ng mga

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

mag-aaral ang may pinakamataas na mga mean na **3.97** na nangangahulugang **Napakabisa**. Ang mga modyul ay nakapagpanatili sa kawilihan ng mag-aaral ang may pinakamababang mean na **3.69** na nangangahulugang **Napakabisa**.

Ang mga resultang ito ay isang mainam na indikasyon na ang mga paksang nilalaman ng e-modyul sa komprehensibong pagbasa ay kinakitaan ng pagpapahalaga sa mahahalagang kasanayang pampagkatuto ng mga mag-aaral. Pinaniniwalaaang ang mga kasanayang pampagkatuto na ito ang pinakakailangan ng mga mag-aaral upang patuloy na matamo ang may kalidad na edukasyon. Kaya't masasabing hindi lamang basta napahalagahan ang mga kasanayang ito bagkus ay sumaklaw din ang mga piniling paksa sa e-modyul na mga target na kasanayan.

Sa binuong pagtalakay ni Tolosa (2015), kailangang malinaw na nakaugnay at nakaayon sa kurikulum na ginagamit ang kagamitang panturo upang makatulong sa pagsasakatuparan ng mga layunin sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Gayundin ang naging resulta ng pag-aaral ni Villanueva (2015), ang pagkamalikhain ng guro gamit ang sining ng pagtuturo katuwang ang teknolohiya ang maglalapit sa ugnayan ng paaralan at lipunan na mapakikinabangan ng mag-aaral sa buhay bilang pamana ng kanyang ginawa sa paaralan. Binanggit sa kanyang papel ang pahayag ni Vekiri (2002) na umuunawa ang mga mag-aaral kung makabago at naiibang paraan ang proseso ng pagkatuto. Sa paglalarawan ni Lawless (2019), pangmatagalang tumatatak sa isipan ng mag-aaral ang mga impormasyong kanyang tinatanggap sa pamamagitan ng regular na pagbabasa. Sa nabuong e-modyul ng mananaliksik, natulungan pa nito ang komprehensyon sa pagbabasa ng mga mag-aaral dahil bukod sa modyul na inilathala ng kagawaran, malaking tulong ang mga paksa sa e-modyul upang madagdagan ang kanilang kaalamang hindi nakakahon sa isang aklat o modyul lamang.

Sa pagtataya sa antas ng balidasyon sa kabisaan ng mga guro ng inihandang e-modyul sa komprehensibong pagbasa batay sa panuto at pagsasanay lumabas na ang composite mean nito ay **3.97** na nangangahulugang **Napakabisa**. Tiyak at akma ang mga panuto sa pagsasanay, nakasukat sa kakakayahang makapaghinuha at nataya ang kasanayan sa komprehensibong pagbasa ng mga mag-aaral ang mga indikasyon na may pinakamataas na

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

mean na **4.00** na nangangahulugang **Napakabisa**. Ang mga pagsasanay ay naaayon sa layuning nililinang ng kasanayan naman ang may pinakamababang mean na 3.86 na nangangahulugang **Napakabisa**.

Batay sa mga resultang ito, ipinapahiwatig lamang na ang mga panuto at pagsasanay na ginamit sa binuong e-modyul ay tiyak, akma, naaayon sa layunin, sumukat sa kakayahang makapaghinuha at komprehensibong pagbasa, nakapagpagana ng kritikal na pagsusuri at pag-aanalisa sa mga katanungan sa pagsasanay ng mga mag-aaral. Naging mabunga ang kanilang pagkatuto sa tulong ng mga ginamit na pagsasanay dahil tiniyak ng mananaliksik na ang mga ito ay akma sa tinarget na pinakamahahalagang kasanayang pampagkatuto.

Ayon kay McKenna, et al. (2017) ang pagtataya ay madalas na nating ginagawa sa pang-araw-araw na pamumuhay kung kaya't madalas itong mabalewala. Sinusugan naman ito ni Hollins (2018) na ang pagsasanay at katanungan ay mahalaga sa pagproseso ng impormasyong dapat matutunan ng isang mag-aaral na gumamit ng e-modyul sa sariling pag-aaral. Ang mga panuto at pagsasanay na inilapat sa e-modyul ay dinisenyo sa iba't ibang paraan upang maiayon sa mga layuning nilinang. Ang nabuong e-modyul ay nagbibigay laya sa mga mag-aaral na maging mapanuri sa kanilang ginagawa, makapagsuring kritikal sa ideya at paraan ng pagkakabuo at nagiging malikhain sa tulong na rin ng inilapat na mga pagsasanay dito.

Sa pagtataya sa antas ng balidasyon sa kabisaan ng mga guro ng inihandang e-modyul sa komprehensibong pagbasa batay sa konsepto at nilalaman lumabas na ang composite mean nito ay **3.96** na nangangahulugang **Napakabisa**. Angkop sa pangangailangan, kawilihan at antas ng pang-unawa ng mga mag-aaral at dinisenyo upang mapaunlad ang instruksyon, pagproseso, pag-unawa, aplikasyon at pagsusuring kritikal ang mga indikasyon na may pinakamataas na mean na **4.00** na nangangahulugang **Napakabisa**. Nakapanggaganyak sa pag-aanalisa ang mga pagsasanay ang may pinakamababang mean na **3.86** na nangangahulugang **Napakabisa**.

Ipinapahiwatig lamang sa naging resulta na ang inihandang e-modyul sa komprehensibong pagbasa ay umakma nang buong husay sa pangangailangan ng mga mag-

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue II
November 2024
Available online at https://www.instabrightgazette.com

aaral tulad ng pagkakaroon ng sigla, kawilihan at interes sa patuloy na pagkatuto sa mga paksang kinapapalooban ng mga paglalarawan sa kasalukuyang kalagayan ng bansa upang magkaroon ng kamalayan sa lipunang kanilang ginagalawan tulad ng dumaraming suliraning panlipunan. Sa paggamit ng e-modyul na ito, nilalayon nito na mapaunlad ang kaisipan ng mga mag-aaral na tumutukoy sa pagproseso, pang-unawa, aplikasyon at pagsusuring kritikal.

Mula sa binanggit ni Lawless (2019) sa kanyang artikulo, inilarawan kung paano tumatatak sa isipan ng tao ang mga impormasyong kanyang tinatanggap. May mga impormasyong panandalian lamang o pangmatagalan depende sa pagtanggap ng isip at ng iba't ibang gawaing may kinalaman dito. Ang mga impormasyon mula sa isang tekstong nabasa ay maaaring manatili ng panandalian lamang ngunit ang kasanayang nilinang sa pagsasanay na gagawin o sasagutan pagkatapos itong mabasa ay ang inaasahang mananatili sa utak ng mag-aaral. Maging sa artikulo ni Reyes (2019) sa rappler.com, lumabas na nakatutulong talaga sa pagbabasa ng isang indibidwal ang mga aplikasyon na ginamitan ng makabagong teknolohiya. Ayon din kay Valenzuela, et al. (2016), ang epektibong pagtuturo ay nakasalalay sa malikhain at siyentipikong proseso.

Sa pagtataya sa antas ng balidasyon sa kabisaan ng mga guro ng inihandang e-modyul sa komprehensibong pagbasa batay sa repleksyon lumabas na ang composite mean nito ay **3.88** na nangangahulugang **Napakabisa**. Napapahalagahan ang wika, kultura at pamumuhay ng sariling bayan ang may pinakamataas na mean na **3.97** na nangangahulugang **Napakabisa**. Nabibigyang kasiyahan sa iba't ibang uri ng panitikan sa mga pagsasanay at napalalalim ang kamalayan sa mga isyung panlipunan ang may pinakamababang mean na 3.83 na nangangahulugang **Napakabisa**.

Ipinapahiwatig sa bahaging ito na ang e-modyul na ito ay hindi lamang nabibigyang-halaga ang mga natutuhan sa mga paksang naglalaman ng yaman ng wika, kultura at kabihasnan ng bansa gayundin naman sa paglinang ng mataas na antas ng pag-iisip tungo sa matamang pagsusuro sa kapaligiran, sa mga isyung panlipunan upang mahubog ang kattagan, kalinisa ng puso't isipan sa magandang imahen ng likas na Pilipino.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Sabi nga ni Sharma (2018), natututo ang isang tao sa karanasan ng may-akda na mas maraming karanasan kaysa sa batang mambabasa na isa sa dahilan kung bakit mahalaga ang pagbabasa sa lahat ng tao. Sang-ayon din kay David (2018) na isa sa magandang solusyon upang mabawasan ang mga mag-aaral na hirap umunawa ng binasa ay ang paglalaan ng sapat na panahon para sa kanila upang maramdaman nilang may halaga sila sa lipunang kanilang kinabibilangan. Pinatunayan sa pag-aaral ni Perez (2016), nakapahalagang aspeto ng kaunlaran at pagkatuto ng isang mag-aaral ang kanyang pag-intindi sa kanyang binabasa. Sa inilathala ni Pamintuan (2016) ayon sa pahayag ni Guillermo (2016), nararapat na marunong tumangkilik at lumikha ng panitikan ang mga Pilipino upang tuluyang maipasa at hindi mamatay ang mga kaisipan ng bansa. Sa ganang e-modyul, napahalagahan nito ang ganitong kultura bilang pagsabay sa pagbabagong nagaganap sa kalakaran ng pag-aaral.

Sa pagtataya sa antas ng pagtanggap ng mga guro ng inihandang e-modyul sa komprehensibong pagbasa batay sa kalinawan lumabas na ang composite mean nito ay **3.92** na nagpapahayag ng **Lubos na Pagtanggap**. Nakabatay ang mga pagsasanay sa target na layunin at ayon sa pagkakasunod-sunod ang konsepto ang may pinakamatataas na mean na **4.00** na nagpapahayag ng **Lubos na Pagtanggap**. May kaugnayan ang mga pagsasanay sa aralin sa Baitang 10 ang may pinakamababang mean na **3.83** na nagpapahayag ng **Lubos na Pagtanggap**.

Batay sa resulta, nasusukat ang kalinawan ng mga ideya at impormasyon na nakapaloob sa e-modyul at nagpapahiwatig ito ng kaangkupan dahil sa angkop ito at madaling maunawaan ang wikang ginamit. Ang e-modyul ay nakalathala sa wikang Filipino at may maaayos na pagkakasunod-sunod ng mga aralin mula sa kasanayan A hanggang kasanayan E.

Ayon sa panayam kay Raran (2015), mula kina Villafuerte at Bernales (2008), ang ICT ay pinakamabisang gamit sa paggawa ng maraming bagay tungo sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Gayundin ang punto pananaw ng teoryang Cognitive Development ni Piaget. Mahalagang prinoseso ang bagong tanggap na kaalaman sa dati nang kaalaman. Na may pagkakapareho rin sa teoryang Information Processing ni Miller sa artikulo ni Lawless (2019),

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

na ang tumatatak sa isipan ng tao na bagong impormasyon ay malilinang lamang sa tulong ng mga pagsasanay na sinagutan pagkatapos magbasa.

Sabi nga ni Tolosa (2015) sa paghahanda ng kagamitang panturo, ang pagsasaalang-alang sa mga prinsipyo at teorya sa paghahanda ng kagamitan ay kailangan malinaw na nakaugnay at nakaayon sa kurikulum na ginagamit. Sinang-ayunan din ito ni Valeña (2020) na kapag ang elektronikong kagamitang pampagtuturo ay naihanda nang maayos at mahusay at nagbubunga ng mabisang pagkatuto.

Sa pagtataya sa antas ng pagtanggap ng mga guro ng inihandang e-modyul sa komprehensibong pagbasa batay sa kahalagahan lumabas na ang composite mean nito ay **3.92** na nagpapahayag ng **Lubos na Pagtanggap**. Nasusukat ang kasanayang komprehensibong pagbasa, napapanahon at akma sa kasalukuyang kondisyon ng bansa at kinapapalooban ng kagandahang-asal at positibong pananaw sa buhay ang e-modyul ang may pinakamatataas na mean na **3.97** na nagpapahayag ng **Lubos na Pagtanggap**. May pangmatagalang positibong epekto sa mag-aaral ang may pinakamababang mean na 3.81 na nagpapahayag ng **Lubos na Pagtanggap**.

Nakasaad sa resulta na binigyang halaga ng e-modyul ang nais nitong pagpapahalagang maganap sa paglikha nito, ang komprehensibong pagbasa ng mga mag-aaral gayundin na maiakma ito sa kasalukuyang sitwasyon upang magkaroon ng positibong epekto sa mga mag-aaral. Napahalagahan din ang kagandahang-asal at pagkakaroon ng positibong pananaw sa buhay na siyang kailangang-kailangan sa gitna ng pandemya sa bansa. Sa tulong din ng ginamit na aplikasyon, nahikayat nito ang mga mag-aaral na aktibong makilahok sa mga pagsasanay.

Batay sa teoryang Kognitivismo ni Piaget, ipinaliwanag na ang isang bata ay natututo hindi dahil sa karunungang taglay niya mula pagsilang kundi sa pag-unlad ng karunungang ito sa tulong ng mga taong nakapalibot sa kanya at sa karanasang hatid ng pakikisalamuha sa mundong kanyang ginagalawan. Sa aklat nina Short, et al. (2018), mahalaga ang ginabayang pagbasa para sa mga hirap magbasa na mag-aaral. Ang pagpili rin ng kanyang babasahin ay mahalagang maiakma sa interes at pangangailangan niya. Kinakailangang

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue II
November 2024
Available online at https://www.instabrightgazette.com

maging kawili-wili at nakapupukaw ng kanyang atensyon ang babasahin upang manatili ang kawilihan niya sa gawain na pagbabasa. Sa binanggit naman sa isang sesyon sa publiko mula kay Afflerbach et al. (2020), ang pangunahing layunin ng pagbasa ay upang maunawaan at mapalalim ang komunikasyon sa pagitan ng mambabasa at manunulat. Kapag ang komprehensyon sa binasa ay hindi nailalapat sa pagbabasa, walang komunikasyong magaganap. Ang pagkakaroon ng mababang komprehensyon sa binasa ay resulta ng kakulangan sa kaalamang kasanayan sa pagbasa ng mag-aaral. Batay rin sa nailimbag ni Bernardo (2015), sa kasalukuyan ang komprehensibong pagbasa ay isang komplikadong proseso ng pag-iisip sa pag-unawa ng mga nakatitik na simbolo nang sa gayon ay mabigyan ito ng kahulugan. Dagdag pa ni Sharma (2018), ang holistikong pag-unlad ng mag-aaral ay nangyayari dahil sa pagbabasa. Kasama na rito ang mental, emosyonal at sikolohikal na pagkatao. Pati na rin ang pagkilala sa sarili ay ilan lamang sa benepisyong dulot ng pagbasa. Kung kaya't ang inihandang e-modyul ay isang mahalagang instrumentong katulong sa pag-unlad na nabanggit.

Sa pagtataya sa antas ng pagtanggap ng mga guro ng inihandang e-modyul sa komprehensibong pagbasa batay sa wika at estilo lumabas na ang composite mean nito ay **3.89** na nagpapahayag ng **Lubos na Pagtanggap**. Ang lahat ng indikasyong nakapaloob sa pagpapahalaga sa wika at estilo ay mayroong magkakaparehong mean na **3.89** na nagpapahayag ng **Lubos na Pagtanggap**.

Ang e-modyul bilang isang kagamitang panturo para sa madaling magkatuto ng mga mag-aaral ay makatutulong nang husto sa pagpapalawak ng kaalaman at pagtalas ng isipan gayundin ang lubos na pagkaunawa sa wastong paggamit ng mga salita na naaayon sa Ortograpiya ng Wikang Filipino. Bukod dito, layunin din ng e-modyul na madebelop ang kasanayang pagbasa na may komprehensibong kakayahan sa pag-unawa sa kanilang binabasa.

Ang pahayag ni Almario (2015) patungkol sa paggamit ng guro ng wika ay inihalintulad niya sa isang kotse. Ang magandang pagsulat ay may kaugnayan sa pag-imbento ng higit na mahusay na modelo ng kotse samantalang ang masinop na pagsulat naman ay may

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VI, Issue II**
**November 2024**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
****************************************************************************************************
kaugnayan sa wastong pagmamaneho ng kotse. Sinang-ayunan ito ng teorya nina Brown, et al. na Situated Cognition na kung may ipagagamit na materyal sa pagkatuto ng bata, nararapat lamang na naihanda ito nang akma sa kanyang edad at kakayahan. Susog pa nina Short, et al. (2018), kung ang isang kagamitan ay may biswal na representasyon ay magiging kaakit-akit ito sa paningin ng nagbabasa at mapananatili ang interes nila rito. Ganoon ang isinaalang-alang sa e-modyul na ito. Sa pabalat pa lamang ay naglagay ng orihinal na guhit biswal upang makuha ang interes ng mga mag-aaral at mabigyan na rin sila ng ideya kung patungkol saan ang nilalaman ng bawat aralin ng e-modyul.

Sa pagtataya sa antas ng pagtanggap ng mga guro ng inihandang e-modyul sa komprehensibong pagbasa batay sa paglalahad lumabas na ang composite mean nito ay **3.96** na nagpapahayag ng **Lubos na Pagtanggap**. Naging kawili-wili ang ginamit na aplikasyon para sa e-modyul, may maayos na pagkakasunod-sunod ang mga paksa sa bawat pagsasanay at may malawak na kaalaman sa paggamit sa wika sa paglalahad ng mga pangyayari ang mga indikasyon na may pinakamataas na mean na **4.00** na nagpapahayag ng **Lubos na Pagtanggap**. Madaling maunawaan at magalugad ang kabuuan ng e-modyul ang may pinakamababang mean na **3.83** na nagpapahayag ng **Lubos na Pagtanggap**.

Ang resultang lumabas sa talahanayan na ito ay isang mainam na indikasyon na ang e-modyul na binuo ay naging kawili-wili, madaling maunawaan, may maayos na pagkakasunod-sunod ang mga paksa, may papaunlad na diwa at may malawak na kaalaman sa paggamit ng wika sa paglalahad ng mga pangyayari.

Sa inilimbag sa aklat nina Zhang, et al. (2016), ang information technology ay mabisang gamitin sa paggawa ng maraming bagay sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sabi nga sa pag-aaral ni Villanueva (2015), ang pagkamalikhain ng guro sa paggamit ng teknolohiya ang maglalapit ng kanyang ugnayan at ng paaralan sa mag-aaral. Sa mga naging panayam sa mga tagapamahala ng silid-aklatan sa artikulo ni Reyes (2019), nakatutulong ang aplikasyon na ginamitan ng makabagong teknolohiya sa pagbabasa ng mga mag-aaral. Pinatunayan din ito sa artikulo na isinulat ni Loveless (2020) na nabago na aniya sa paglipas ng panahon ang pagtingin sa paggamit ng makabagong kagamitan tulad na lamang ng

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue II
November 2024
Available online at https://www.instabrightgazette.com

cellphone. Ayon pa sa kaniya, ang pagkakaroon ng cellphone sa panahon ngayon ay hindi na basta luho lamang. Bahagi na ito ng pamumuhay ng tao.

Diin pa ni Almario (2015), ang maganda at masinop na pagsulat ng kagamitang pangmag-aaral ay napakahalaga sa pagkakamit ng wastong kaalamang nais ibahagi sa mga mag-aaral.

Batay pa sa panayam kay Raran (2015), upang mapanatili ang kawilihan, atensyon at memorya sa mag-aaral, gamitin ang ICT. Ayon sa binanggit sa kanyang aklat, ito ang pinakamabisang paraan para maisakatuparan ang layuning ito.

Sa pagtataya sa antas ng pagtanggap ng mga guro ng inihandang e-modyul sa komprehensibong pagbasa batay sa kaangkupan ang nilalaman lumabas na ang composite mean nito ay **3.89** na nagpapahayag ng **Lubos na Pagtanggap**. Isinasalang-alang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa inihandang pagsasanay at mga tanong ang nagkaroon ng pinakamataas na pinakamataas na mean na **4.00** na nagpapahayag ng **Lubos na Pagtanggap**. Samantalang ang gumamit ng tamang haba o bilang ng salita sa mga pagsasanay na angkop sa target na mag-aaral ang may pinakamababang mean na **3.83** na nagpapahayag pa rin ng **Lubos na Pagtanggap**.

Ang resultang lumabas sa talahanayan na ito ay magandang indikasyon na ang kaangkupan ng e-modyul na binuo ay ang naisakatuparan ng mananaliksik. Ang mga inilahad na layunin, babasahin, pagsasanay at gawain sa paglalapat ay angkop sa kakayagan ng mga mag-aaral. Naging akma rin ang haba ng mga teksto na inilapat sa e-modyul upang maisakatuparan din sa itinakdang oras at panahon ang mga ito kasama ang mga pagsasanay na inihanda.

Ayon din kina Valenzuela, et al. (2016), nakasalalay sa guro kung paano siya makaiisip ng paraan sa pagpapadali ng araling ituturo sa mag-aaral upang madali silang makaunawa. Nakasalalay ito sa malikhain at siyentipong proseso upang masabing angkop sa target na gagamit ang inihandang kagamitan. Sabi nga sa teoryang Kognitivismo ni Piaget, ang mga kasanayang ipinapaloob sa nilikhang modyul ay inaasahang nakapagpapalalim ng kakayahang komprehensibong pagbasa ng mga mag-aaral. Gayundin ang pinupunto ng teoryang

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue II
November 2024
Available online at https://www.instabrightgazette.com

Information Processing ni Miller na ang haba ng tekstong binasa ng mag-aaral ay may impluwensya sa kanyang pagkatuto. Maikli ngunit paulit-ulit na ginagawa ay mas mainam kaysa sa mahaba ngunit isang beses lamang naman kung basahin ng mag-aaral. Batay sa inilimbag sa aklat nina Cruz, et al. (2018), ang pagiging mapanuri, kritikal na nakasusuri ng ideya at paraan ng pagkakabuo at ang pagkamalikhain ay ang mga dimensyong nagpapakita ng lalim ng pang-unawa sa binasa. Sinusugan din ito ng aklat nina Arrogante, et al. (2015) na ang pagtuturo ng pagbasa ay nararapat ituro bilang isang paraan ng pakikipagtalastasan at hindi bilang isang asignatura lamang. Kung ang layunin ay maliwanag para sa mag-aaral, sadyang kasiya-siyang mga karanasan ang kanyang madaranas sa pagbabasa ng mga kagamitang inihanda ng guro para mismo sa kanya.

Sa resulta ng antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral na tagasagot sa paunang pagsusulit. Mapapansin na pinakamarami ang dami ng mga mag-aaral na nakakuha ng "Hindi Nakamit ang Inaasahan". Ito ay may bilang na 54 (49.54%) at walang nakakuha sa "Pinakamahusay".

Sa bahaging ito, inaasahan na ang ganitong resulta sa unang pagbibigay ng pagsusulit sa mga mag-aaral na walang ginamit o hindi pa ginamitan ng kagamitang panturo tulad ng binuong e-modyul para sa kanilang komprehensibong pagbasa kung kaya't marami sa mga mag-aaral na ito ang nakakuha ng mababa o hindi nakamit ang inaasahan gaya ng datos na nakita sa talahanayan sa itaas na pinakamarami ang bilang ng mga mag-aaral na pumatak sa ganitong kategorya na hindi masyadong naunawaan ang paksang tinalakay. Sa bahaging ito, ipinahiwatig ang pangangailangan sa pagtuklas ng iba pang kagamitang panturo gayundin ng iba pang dulog at metodolohiyang magagamit na makapag-ambag sa pag-unlad ng kaisipan at interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng mga panitikan ng ibang bansa. Nararapat lamang lumikha ng makabagong kagamitang tutulong upang matugunan ang kahinaan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ngayong new normal na ang sistema ng edukasyon at hindi kaharap ng personal ang guro.

Ayon kina Valenzuela, et al. (2016), ang epektibong pagtuturo ay nakasalalay sa malikhain at siyentipikong proseso. Bilang guro, sila ay maituturing na manggagawa at alagad

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

ng sining at agham. Masining dahil sa kaugnayan na pagkamalikhain at agham na may pinag-uugatang prinsipyo na isinagawa sa sistematikong pamamaraan. Ayon naman kay Benade (2017), ang mga kuro-kuro patungkol sa mga inobatibong bagay ay hindi lamang limitado sa sistema ngunit nalalapat din sa pagkatuto at pagtuturo. Ang isang guro upang makasabay sa modernisasyon ay kinakailangang higit na maging malikhain at inobatibo sa kanilang pagtuturo nang sa gayon ay kundi man mahigitan ay makasabay sa modernong teknolohiya.

Sa resulta ng antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral na tagasagot sa panapos na pagsusulit ay mas higit ang dami ngayon ng mga mag-aaral na napabilang sa kategoryang "Pinakamahusay" dahil sa kabuuang bilang ng mga mag-aaral (109) na binigyan ng panapos na pagsusulit at ginamitan ng inihandang e-modyul, lumitaw na may (78) ang mga mag-aaral ang may pinakamataas na marking natamo sa porsyentong 71.56 at walang napabilang sa antas na "Hindi Nakamit ang Inaasahan."

Ipinahiwatig lamang na malaki ang naitulong ng paggamit ng binuong e-modyul sa mabilisang pag-unawa at pagkatuto sa mga paksang araling tinalakay sa unang markahan ng taong panuruang kasalukuyan. Ito ay isang mainam na indikasyon ng kahalagahan ng e-modyul sa pagpapalawak ng kaisipan tungo sa lalo pang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Tumutugon ang resulta sa pag-aaral ni Ilagan (2014) sa kalipunan ng mga saliksik ni Habijan (2015) na ang paggamit ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo ay siyang kinagigiliwan ng mga mag-aaral. Kinagigiliwan ng mga mag-aaral ang gurong gumagamit ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo sapagkat nabubuhay nito ang kanilang atensyon at interes. Sa pag-aaral naman nina Garcia, et al (2015), na ginamit ding batayan ni Manalo (2016) sa kanyang papel pananaliksik, ang mga laptop at iba pang uri ng multimedia ay lumalabas na nakapagbibigay ng sigla at giliw. Ang mga pangganyak mula sa internet ay nililinang ang kakayahan ng mga mag-aaral na mag-isip ng mga isasagot sa mga katanungan ng guro. Sa paliwanag na binigyang diin ni Valeña (2020), nagbubunga ng mabisang pagkatuto ang paghahanda nang maayos at mahusa ng mga elektronikong kagamitan (e-kagamitang pampagtuturo) sa pagtuturo. Sa panahon ngayon ng *new normal*, malaking tulong ang maibibigay ng makabagong teknolohiya upang masolusyunan ang suliraning

Editorial Team
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

kinakaharap ng kagawaran. Dahil sa ganitong teknolohiya, hindi kakailanganin ang aktwal na pagkikita ng guro at mag-aaral upang maisagawa pagpapaunlad ng kasanayang bumasa.

Sa pagtataya kung mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng marka ng paunang pagsusulit at ng panapos na pagsusulit lumabas ang probability value na .000 ay lubhang mas mababa kaysa signipikong lebel na .05 ang hinuha (Hypothesis) ay di katanggap-tanggap. Maaari nating sabihing mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng marka ng pauna at panapos na pagsusulit. Dahil sa pagkakaibang ito masasabi na ang e-modyul ay naging epektibo.

Inaasahan ang ganitong resulta tulad ng pagkakaroon ng pagkakaiba sa pagitan ng marka ng pauna at panapos na pagsusulit. Inaasahan din na may malaking pagbabago sa resulta ng panapos na pagsusulit sa kadahilanang may pamamaraang ginamit ang mananaliksik sa paglinang ng kaalaman mula sa paksang pinag-aralan at ito nga ang paggamit e-modyul na kinapapalooban ng mabubuting paksa, maliwanag na pagkakahanay ng mga konsepto at mga epektibong pagsasanay para sa magaang pag-unawa at pagkatuto ng mga mag-aaral. Kung kaya't nalinang nang husto ang kaalamang nakapaloob sa e-modyul at ito'y maituturing na malaking ambag sa pag-unlad ng kaisipan, sa paghubog ng wastong kaugalian at gawain na nararapat masalamin sa isang indibidwal na matatag, malinis at kapuri-puring mamamayan ng bansa sa hinaharap.

Sadyang nakapagpapanatili sa kawilihan at lebel ng interes ng mag-aaral ang mga estratehiyang ginagamitan ng makabagong teknolohiya na binanggit sa panayam ni Raran (2015) mula sa pag-aaral ni Eaton (2013). Ayon din nga sa nailimbag sa aklat ni Cruz, et Al. (2018) ang pagbasa ay isang gawain kung saan binibigyang kahulugan ng isang indibidwal ang mga simbolong nakalimbag. Ang pagiging mapanuri, kritikal na sumusuri sa ideya at paraan ng pagkakabuo at ang pagiging malikhain ay mga dimensyong nagpapakita ng lalim ng pang-unawa sa pagbasa.

Sa nailimbag naman ni Bernardo (2015), ang komprehensibong pagbasa sa kasalukuyan ay isang komplikadong proseso ng pag-iisip sa pag-unawa ng mga nakatitik na

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue II
November 2024
Available online at https://www.instabrightgazette.com
****************************************************************************************************

simbolo nang sa gayon ay mabigyan ito ng kahulugan sa tulong na rin ng mapanuring pag-iisip.

Kaya ipinaliwanag sa isang sesyon sa publiko mula kay Afflerbach et al. (2020), ang pangunahing layunin ng pagbasa ay upang maunawaan at mapalalim ang komunikasyon sa pagitan ng mambabasa at manunulat. Ang pagbibigay ng mas madaling babasahin at paggamit ng makabagong kagamitan sa pagbabasa ay isa sa iminungkahi nilang solusyon upang malunasan ang suliranin sa komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Dagdag pa ni Sharma (2018), isang holistikong pag-unlad ang pangunahing dahilan ng kahalagahan ng pagbasa sa mga mag-aaral. Nagnanais na mapaunlad ng pagbasa sa tulong ng makabagong kagamitan ang isang mag-aaral na handa sa globalisadong hamon ng mundo.

## CONCLUSION

Batay sa kabuuang lagom na natuklasan sa pag-aaral, narito ang sumusunod na mga konklusyon:

Na batay sa kinalabasan ng pag-aaral na ito, ipinapahiwatig na ang modyul na ginamit ng mga mag-aaral ay masasabing napakahusay at pinatutunayan lamang na ang mga layunin ng modyul ay nakakatulong sa lalu pang pagkatuto ng mga mag-aaral

Na ang mga paksang nakapaloob sa e-modyul ay kakikitaan ng kahalagahan at gabay sa karunungan ng mga batang mag-aaral bukod sa kabisaan nito at lalo na sa mabilis na pagkatuto ng mga mag-aaral.

Na batay sa resultang lumabas sa pag-aaral, ang mga panuto ay malinaw at angkop sa lebel o antas ng pang-unawa ng mga mag-aaral upang maibigay ng mga mag-aaral ang hinihingi na mga gawain ng bawat panuto at maisagawa nang buong husay ang mga pagsasanay na itinakda.

Na ang lahat ng nilalaman ng nabuong e-modyul sa komprehensibong pagbasa ay nagtataglay ng mabubuting ideya at mahahalagang impormasyon na nakadaragdag ng

****************************************************************************************************
Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue II
November 2024
Available online at https://www.instabrightgazette.com
************************************************************************************************
kaalaman ng mga mag-aaral gayundin ang pagkakaroon kawilihan o interes nila upang maintindihang lubos ang mga paksang nakapaloob sa nasabing e-modyul.

Na ang repleksyon sa nilalaman ng e-modyul ay nakapagdudulot ng kawilihan, nakapagpapalawak ng imahinasyon, nakapagmumulat ng magandang aral o kakintalan sa mga mag-aaral upang maging gabay nila sa buhay.

Na ang mga nilalaman ng e-modyul ay mainam na malinaw sa mga mag-aaral upang mas madali nilang maunawaan ang mga kinakailangan nilang aralin. Maroong maayos na paghahanay ng mga konsepto at magkakaugnay na gawain upang mahasa ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

Na batay sa naging resulta, naging katanggap-tanggap ang modyul na ginamit sa pagtuturo dahil nagsilbi itong gabay at patnubay ng mga mag-aaral na siyang tunay na mahalaga upang mas lalo pang mahubog ang kaisipan ng mga mag-aaral sa larangan ng asignaturang Filipino.

Na ang paggamit ng wika at estilo ay binigyang pansin na lalo pang nakapagpaunlad ng kaisipan at karunungan gayundin sa damdamin at asal ng isang indibidwal.

Na ang naging paglalahad sa ginawang e-modyul ay nagkaroon ng malaking tulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral dahil nakalilinang at nakapagpapayabong ito ng karunungan, kawilihan at pang-unawa sa mga paksang tinalakay.

Na sa paggamit ng nabuong e-modyul ng mananaliksik ng mga guro sa pagtuturo sa mga mag-aaral, lumalabas na napataas ang kawilihan o interes sa pag-unlad ng kanilang kaalaman sa asignaturang Filipino.

Na ang mga pangkat ng mag-aaral na sumailalim sa pananaliksik na ito ay wala halos na pinag-iba sa antas ng kanilang kakayahan batay sa mga markang kanilang nakuha.

Na nagkaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa marka ng mga mag-aaral na sumailalim sa pananaliksik na ito. Higit na dumami ang mga mag-aaral na may kahusayan ang marka kaysa sa hindi nakamit ang inaasahan kaya`t napatunayang mabisa ang binuong e-modyul upang mas lalo pang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral batay sa mga paksang nilalaman ng e-modyul na binuo.

************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
************************************************************************************************

***************************************************************************************************

**REFERENCES:**

Afflerbach, P., Hurt, M., & Cho, B. (2020). Reading comprehension strategy instruction. In Dinsmore, D. L., Fryer, L. K. & Parkinson, M. M. (Eds.), *Handbook of Strategies and Strategic Processing: Reading Comprehension Strategy Instruction* (pp. 98-119). Routledge, New York. https://doi.org/10.4324/9780429423635

Almario, V. S. (2015). *KWF Manwal sa masinop na pagsulat*. Ikalawang Edisyon. Komisyon sa Wikang Filipino. Manila, Philippines.

Arrogante, J. A., Mojica, M. L., Peñalosa, M. T., & Torreliza, M. A. (2015). *UGNAYAN: Komunikasyon sa akademikong Filipino.* National Book Store, Inc. Manila, Philippines.

Benade, L. (2017). Being a teacher in 21st Century; A critical New Zealand research study. Springer. Singapore.

Bernardo, A. S. (2015). *Developmental reading 2.* Rex Books Store, Inc. Manila, Philippines.

Briones, L. M. (2019, December 3). Re: Sulong EduKalidad: Addressing the challenge of quality in basic education. Bulwagan ng Karunungan, Department of Education, Philippines. Retrieved from https://www.deped.gov.ph/2019/12/04/sulong-edukalidad/

Brown, J. S., Collins, A., & Duguid, P. (1989). Situated cognition and the culture of learning. *American Educational Research Association*. Cambridge, Massachusetts.

Cruz, C. B., Morong, D. N., & Dela Cruz, J. P. (2018). *Epektibong komunikasyon sa akademikong Filipino.* Mindshapers Co., Inc. Manila, Philippines.

David, K., & Matutina, A. (2018). I-Witness: Pag-asa sa pagbasa (Television series episode). In Samson Jr., P (Executive producer), GMA Network. Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=J7JegoKjpmM&t=709s

Habijan, E. M. (2016). *Saliksik: Bertud ng mga edukador.* Ang Guro. Opisyal na Publikasyon ng St. Claire Printing Services. Philippines.

Hollins, P. (2018). The science of self-learning. PKCS Media, Inc. Seattle, Washington.

Lawless, C. (2019, August 6). Re: What is Information Processing Theory? Using it in your corporate training [Web log message]. Retrieved from https://www.learnupon.com/blog/what-is-information-processing-theory

***************************************************************************************************

**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan | **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco | **Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

***************************************************************************************************

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VI, Issue II**
**November 2024**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
Loveless, B. (2020). Using cell phones as learning tools. Education Corner. Retrieved from https://www.educationcorner.com/cell-phones-learning-tools.html

McKenna, M. C. & Dougherty Stahl, K. A. (2017). *Assessment for reading instruction, Third Edition.*. New York, London: The Guilford Press.

Pamintuan, B. (2016). Mga Filipino, kulang sa pagbabasa ayon sa isang propesor. *The Varsitarian*. The Official Student Publication of the University of Santo Tomas. Philippines. Retrieved from http://varsitarian.net/news/20160218/mga_filipino_ kulang_ sa_pagbabasa_ayon_sa_isang_propesor

Perez, H. (2016). Pagpapaunlad sa kakayahan sa maunawang pagbasa ng mga mag-aaral sa grade 8 sa pamamagitan ng estratehiyang sama-samang pagkatuto. (Published Master's Thesis) Dagupan City National High School. SDO Dagupan City, Philippines.

Piaget, J. (1973). Piaget's theory of cognitive development. Retrieved from https://en.wikipedia.org/wiki/Piaget%27s_theory_of_cognitive_development#:~:text =In%20his%20theory%20of%20Cognitive,to%20the%20acquisition%20of%20langu age.%22

Raran, R. (2015). Ang E-kagamitan sa pagtuturo at pagkatuto ng Filipino. (Published Master's Thesis) Pamantasang Xavier – Ateneo de Cagayan, Philippines. Retrieved from https://prezi.com/xotskvxzjt7b/ang-e-kagamitan-sa-pagtuturo-at-pagkatuto/

Regional Memorandum No. 306 s. 2020

Regional Order No. 10 S. 2020

Reyes, G. (2019). Let them read Wattpad. Retrieved from http://rappler.com/voices/imho/opinion-let-them-read-wattpad

Sharma, S. (2018). 17 Reasons why reading is important for everyone. Retrieved from https://gladreaders.com/importance-of-reading-books/

Short, K. G., Lynch-Brown, C. M. & Tomlinson, C. M. (2018). *Essentials of children's literature.* 9th Edition. United States of America: Library of Congress Cataloging-in-Publication Data.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Tolosa, M. (2015). Mga simulain sa paghahanda at ebalwasyon ng mga kagamitang panturo. Retrieved from https://prezi.com/x_s5psayptt5/mga-batayang-simulain-sa-paghahanda-at-ebalwasyon-ng-mga-kag/

UNESCO Covid-19 Webinar: A new world for teachers, education's frontline workers – Covid-19 education webinar #2. Retrieved from https://en.unesco.org/news/covid-19-webinar-new-world-teachers-educations-frontline-workers-covid-19-education-webinar-2

UNESCO Progress of goal 4 (2019). Retrieved from https://sustainabledevelopment.un.org/sdg4

Valenzuela, R., Nuncio, R. V., Nuncio, E. M., Malabuyoc, V. A., Saul, A. G., Gragasin, J. D. & Villanueva, M. A. (2016). *SIDHAYA 11: komunikasyon at pananaliksik sa wika at kulturang Pilipino.* Quezon City, Philippines: C & E Publishing, Inc.

Valeña, L. (2020). Capacity building in the development and utilization of IDEA lesson exemplars. seminar-worksyap sa Filipino sa Dibisyon ng Cavite. Retrieved from https://www.facebook.com/watch/live/?v=556617638345121&ref=watch_permalink

Villanueva, V. (2015). Karatulastasan: Mungkahing gamit / paraan sa pagtuturo at pagkatuto upang alamin at suriin ang kakayahang umunawa*. Dalumat eJournal*. De La Salle University Manila, Philippines. Retrieved from https://ejournals.ph/function/reader1/read/web/viewer.php?id=uploads%2Farchive%2FNP%2FVol.+4+No.+1-2+%282013%29%2FMgaA%2F05_Villanueva. pdf &di=6231

Zhang, J., Yang, J., Chang, M. & Chang T. (2016). *ICT in education in global context: The Best practices in K-12 schools.* Singapore: Springer Science+Business Media.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza